

ay kung ito ay hindi para sa pinakamabuting kapakanan ng tao, o sa kabila ng pagsisikap ng mga kawani, ay wala silang nakontak na sinuman.

May karapatan ka na:

- tumanggap ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at mga karapatan ng taong iyong sinusuportahan
- isaalang-alang ng kawani ang iyong mga kuru-kuro
- mabigyan ng kaalaman tungkol sa mga pangyayaring dapat ipabatid
- maging kasangkot sa, at tumanggap ng impormasyon tungkol sa, paggamot at pangangalaga ng taong iyong sinusuportahan
- makonsulta bago bigyan ng paliban ang taong iyong sinusuportahan
- humiling ng karagdagang opinyon para sa taong iyong sinusuportahan
- tumanggap ng impormasyon tungkol sa anumang limitasyon sa kalayaang makipagkomunikasyon ng taong iyong sinusuportahan
- maging kompidensiyal ang mga pakikipag-usap sa kawani
- humiling mula sa Mental Health Tribunal na marebyu ang katayuan ng pasyente bilang isang di-boluntaryong pasyente (tel: 08 6145 3900)
- maabisuhan tungkol sa mga aplikasyon sa, at mga pagdinig ng, Mental Health Tribunal
- ipadinig ang iyong mga kuru-kuro sa mga bagay na nasa harap ng Mental Health Tribunal
- kumatawan sa isang tao, o may kumatawan sa iyo sa harap ng Mental Health Tribunal
- magreklamo sa mental health service o sa Health and Disability Complaints Office (HaDSCO) (tel: 1800 813 583) kung hindi ka nasisiyahan.

Higit pang impormasyon

Ang impormasyon sa polyetong ito ay nauukol sa mga batas na itinakda sa Mental Health Act 2014. Ang impormasyon tungkol sa Act ay nakabuod sa sumusunod na mga polyeto:

- Pagsangguni sa isang psychiatrist para sa isang pagsusuri
- Mga utos-paggamot para sa pasyenteng nasa ospital
- Mga utos-paggamot sa komunidad
- Impormasyon para sa mga boluntaryong pasyente
- Ginagamot para sa isang sakit pangkaisipan
- Impormasyon para sa mga taong personal na tagasuporta
- Mga hinirang na tao: paano ang paghirang at ano ang kahulugan nito.

Ang iba pang polyeto ay makukuha mula sa:

- The Mental Health Tribunal
- The Mental Health Advocacy Service
- The Mental Health Law Centre.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mental Health Act 2014 at iba pang pagkukunan, bumisita sa website ng Mental Health Commission: www.mhc.wa.gov.au o tumelepono sa (08) 6272 1200.

This document can be made available in other languages and alternative formats on request.

Published by the Mental Health Commission (2015)

Impormasyon para sa mga taong personal na tagasuporta



Kung ikaw ay isang tagapag-alaga, malapit na kapamilya, magulang, tagapag-alaga o hinirang na tao ng isang ginagamot para sa isang sakit pangkaisipan, ikaw ay maaaring isang 'taong personal na tagasuporta' (personal support person).

Ang polyetong ito ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa katungkulan mo pati na sa iyong mga karapatan.

Sino ang isang taong personal na tagasuporta?

Ikaw ay itinuturing na personal na tagasuporta ng isang pasyente kung ikaw ay kanyang:

- tagapag-alaga (taong hindi binabayaran at nagbibigay ang tuluy-tuloy na pangangalaga sa pasyente)
- malapit na kapamilya (isang kamag-anak na nagbibigay ng tuluy-tuloy na pangangalaga sa pasyente)
- magulang o tagapag-alaga ng isang bata
- tagapag-alaga o pamalagiang tagapag-alaga ng isang taong nasa edad na
- hinirang na tao (isang taong pormal na hinirang ng pasyente gamit ang Form 12A).

Ano ang katungkulan mo?

Ikaw ay marapat na isangkot sa paggamot at pangangalaga ng taong iyong sinusupportahan, kabilang ang:

- pagsasaalang-alang sa mga opsyon para sa paggamot at pangangalaga,
 - pagbibigay-suporta sa tao, at
 - paghahanda at pagrerebyu ng kanilang planong paggamot, suporta at paglabas ng ospital
- Maaari mong ipabatid sa kawani ang saklaw ng pagsangkot na gusto mo.

Mahalaga kapag sumusuporta sa tao na iginagalang mo rin ang karanasan at kakayahan ng mga kawani ng kalusugang pangkaisipan. Ang mga tagasuportang tao ay dapat manatiling nabibigyan ng mabuting kaalaman kapwa ng pasyente at ng kawani upang marating ang mga balanseng konklusyon.

Anong impormasyon ang makukuha mo?

Bilang isang personal na tagasuporta, ikaw ay marapat sa mga sumusunod na impormasyon tungkol sa taong iyong sinusupportahan:

- ang ginagamot na sakit pangkaisipan niya, mga opsyon sa paggamot, at ang kaniyang reaksiyon sa anumang paggamot na ibinibigay,
- ang mga batayan sa pagkagawa ng anumang utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital o utos-paggamot sa komunidad,
- anumang sitwasyon na ginamitan ng paghihiwalay o pampigil-katawan, at
- ang mga serbisyong makukuha upang matugunan ang kaniyang pangangailangan.

Makatwirang sisikapin ng kawani na kontakin ka, at/o ibang personal na tagasuporta upang ibigay sa iyo ang impormasyong ito. Kung ang taong inaalagaan mo ay may maraming tagapag-alaga at iba pang personal na tagasuporta, isa sa mga taong ito ay maaaring nabigyan ng impormasyon.

Kailan ka maaaring hindi mabigyan ng kaalaman o maisangkot?

Karaniwan, ang isang boluntaryong pasyente ay makakapagpasiya kung sang-ayon sila o hindi na mabigyan ng kaalaman o maisangkot ang kanilang mga personal na tagasuporta. Gayunman, kung ang boluntaryong pasyente ay hindi sapat na magaling upang makayang magpasiya, ipaalam sa iyo/ isasangkot ka maliban kung ito ay hindi para sa pinakamabuting kapakanan ng pasyente.

Sa karamihan ng mga kaso, sasabihan at isasangkot ng kawani ang mga taong personal na tagasuporta ng isang di-boluntaryong pasyente. Ang mga eksepsiyon ay:

- kung ito ay hindi para sa pinakamabuting kapakanan ng di-boluntaryong pasyente, o
- kung ang di-boluntaryong pasyente ay hindi sang-ayon na mabigyan ka ng kaalaman o maisangkot, at ang isang psychiatrist ay nagpasiya na kaya nilang magpasiya nito at ito ay makatwiran.

Mga pangyayaring dapat ipabatid

Dagdag pa sa iba mong mga karapatan na mabigyan ng kaalaman/masangkot, isa man lamang sa mga personal na tagasuporta ang dapat masabihan tuwing alinman sa mga sumusunod na 'mga pangyayaring dapat ipabatid' ang mangyayari sa taong iyong sinusupportahan:

- paggawa, pagpawalang-bisa (pagkansela), o pagtatapos ng isang utos-pampigil, utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital o utos-paggamot sa komunidad,
- paggawa ng anumang ibang utos matapos ang pagsusuri ng isang psychiatrist
- siya ay pinalaya mula sa pagkapigil
- paggawa ng isang utos-pangsasakyan
- siya ay inilipat sa ibang ospital
- siya ay umalis nang walang paliban, nabigyan ng paliban mula sa ospital o ang paliban ay ipinagpatuloy, binago o nakansela
- siya ay nabigyan ng kailangang-kailangang paggamot na hindi para sa sakit pangkaisipan habang siya ay nasa ilalim ng isang utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital.

Ikaw (o ibang taong tagasuporta) ay aabisuhan ng ganitong mga pangyayari, kahit na hindi sang-ayon ang taong iyong sinusupportahan. Ang tanging eksepsiyon